# Paano Mag-apply para sa Tulong ng FEMA Pagkatapos ng Bagyong Ian

**Release Date: September 29, 2022**

**ATLANTA –** Ang mga may-ari ng tirahan sa Florida at mga nangungupahan sa mga county ng Charlotte, Collier, DeSoto, Hardee, Hillsborough, Lee, Manatee, Pinellas at Sarasota na naapektuhan ng Bagyong Ian ay maaaring mag-apply para sa tulong na pangkalamidad ng FEMA.

Ang mga nakaligtas ay maaaring mag-apply para sa tulong na pangkalamidad sa www.disasterassistance.gov, sa pamamagitan ng pagtawag sa 800-621-3362 mula 7 a.m. hanggang 11 p.m. Eastern Time, o sa pamamagitan ng paggamit ng mobile app ng FEMA. Kung gumagamit ka ng serbisyong relay tulad ng serbisyong video relay (VRS), naka-caption na serbisyo sa telepono o iba pa, ibigay sa FEMA ang numero para sa serbisyong iyon.

Mangyaring ihanda ang sumusunod na impormasyon kapag nag-apply ka para sa tulong:

- Kasalukuyang numero ng telepono na makokontak ka
- Ang iyong address sa panahon ng kalamidad at ang address kung saan ka kasalukuyang namamalagi
- Ang iyong Social Security number
- Ang pangkalahatang listahan ng pagkasira at mga nawala
- Impormasyon ng bangko kung pipiliin mo ang direktang pagdeposito rito
- Kung naka-insure, ang numero ng polisa o ahente at/o pangalan ng kumpanya

Maaaring maging karapat-dapat ang mga nakaligtas na tumanggap ng tulong para sa pagkasira at mga nawalang naka-insure o kulang ang pagkaka-insure na nagresulta mula sa Bagyong Ian. Kung mayroon kang homeowners, renters o flood insurance, kailangan mong mag-file ng claim sa lalong madaling panahon. Hindi maaaring doblehin ng FEMA ang mga benepisyo para sa mga nawalang sakop ng insurance. Kung hindi sakop ng iyong polisa ang lahat ng iyong gastos para sa kalamidad, maaari kang maging karapat-dapat para sa pederal na tulong.

Kumuha ng mga litrato para idokumento ang mga pagkasira at simulan ang paglilinis at mga pagkukumpuni upang maiwasan ang higit pang pagkasira. Huwag kalimutang itabi ang mga resibo mula sa lahat biniling nauugnay sa paglilinis at pagkukumpuni.

Maaaring kasama sa tulong na pangkalamidad ang pinansyal na tulong na may pansamantang masisilungan at mga pagkukumpuni sa tirahan, pati na rin ang ibang mga gastusing nauugnay sa kalamidad.

Para sa maa-access na video tungkol sa kung paano mag-apply para sa tulong, pumunta sa, youtube.com/watch?v=WZGpWI2RCNw.

Para sa impormasyon tungkol sa pagbangon ng Florida mula sa Bagyong Ian, bisitahin ang fema.gov/disaster/hurricane-ian. Subaybayan ang FEMA sa Twitter sa FEMA Region 4 (@femaregion4) / Twitter at sa facebook.com/fema.

###

*Misyon ng FEMA ang tulungan ang mga tao bago, sa panahon ng at pagkatapos ng mga kalamidad.*